

• Pangangasiwa ng mga Peste at Sakit



1. Fruitfly

- Gumamit ng *attractant*.
- *Bagging* o pagbabalot ng pipino:
 - Dyaryo (mabilis masira at maputla ang bunga)
 - Plastic (nagpapawis at nakakabulok ng bunga)
 - Net/net guard (matagal pakikinabangan)



2. Cucumber Beetles

- Magsabog ng abo sa ibabaw ng mga dahon.



3. Leaf Folder

- Mag-ispray ng dinikdik na sili (100 gramo) sa kada 16 na litro ng tubig.



4. Aphids

- Hayaan na kainin ng mga kaibigang kulisap tulad ng pagong-pagongan, at bubuyog.
- Maari ding mag-ispray ng dinikdik na sili.



5. Thrips at Mites

- Pagtanim ng iba't ibang klaseng gulay.
- Mag-ispray ng dinikdik na sili.



6. Powdery Mildew

- Mag-ispray ng *compost tea* o *tea manure*.



7. Downy Mildew

- Maglagay ng kilib, putulin at sunugin ang bahagi ng halaman na may sakit, at mag-ispray ng *compost tea*.

Huling Tagubilin

Gumamit lamang ng lason na pamatay-pesto kung kinakailangan. Upang maiwasan ang mga peste at sakit, magtanim ng mga herbal at mababangong halaman. Halimbawa nito ay amariyo, tanglad, luya, at basil.



Mga Gawain sa Pag-aani at Pagkatapos Mag-ani

1. **Slicing type:** 38-45 araw mula pagkatanim
2. **Pickle type:** 33-40 araw mula pagkatanim

- Anihin ang bunga gamit ang kutsilyo o gunting.
- Putulin ang pinaka puno ng bunga at mag-iwan lamang ng 5 sentemetro.
- Ilagay ang mga inaning bunga sa *woven basket* at lagyan ng tuyong dahon ng saging upang maiwasan ang pagkakaroon ng pasa at gasgas sa bunga.
- Maaaring gumamit ng *plastic bags* bilang lagayan.

Pinagkuhanan ng Impormasyon at Teknolohiya:



DA-Regional Field Office 02
Cucumber Production Guide



Karanasan ni G. Jay-Ar B. Madriaga
Agriculturist II, ATI-MIMAROPA

Inilimbag sa Tagalog ng:



Department of Agriculture
AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
Regional Training Center - MIMAROPA




Barcenaga, Naujan,
Oriental Mindoro
ati.da.gov.ph/ati-4b
dcc_mimaropa@ati.da.gov.ph
(043) 738-3663; 0998-539-4229
@atimimaropa

FARMERS CONTACT CENTER

"Ang inyong kaagapay sa usaping agrikultura"

1-800-10-982-2474
(Provincial toll-free)
0920-946-2474
ati.da.gov.ph
elearn.e-extension.gov.ph
info@e-extension.gov.ph

GABAY SA PRODUKSYON NG PIPINO



Ang pipino (*Cucumis sativus*) ay malawakang itinatanim sa Pilipinas. Tinatawag din itong *kalabaga* sa Bisaya at *kasimum* sa Bontoc.

Dalawang Uri ng Pipino

1. **Slicing type:** ginagamit sa salad
2. **Pickling type:** ginagamit sa pagluluto

Sustansya ng Pipino

Sa kada 100g na murang pipino, mayroon itong:

Partikular	Dami
Tubig (g)	96.0
Protina (g)	0.60
Taba (g)	0.10
Karbohidrat (g)	2.20
Kalsyum (mg)	12.00
Iron (mg)	0.30
Posporus (mg)	24.0
Bitamina C (mg)	12.0

Kultural na Pamamahala

• Pagpili ng Binhi

1. Para sa mataas na ani at tubo, mainam na pumili ng binhi na angkop sa kondisyon ng lugar at kilala sa merkado.
2. Pumili ng binhi na matibay sa sakit at peste.
3. Ilan sa mga uri ng binhi nito ay *pickling type* na ang halimbawa ay Pilmaria at Explore. Sa *Slicing type* naman, ang halimbawa ay Ambassador, Bituin, General Lee, Governor, Jaguar, Matipuno, Melissa Poinsett, Puma at Thalia.



• Paghahanda ng Lupa

1. Araruhin at suyurin ang taniman ng dalawa hanggang tatlong beses na may pagitan ng isang linggo upang masugpo ang pagtubo ng damo.
2. Pagkatapos ng huling pagsusuyod, haluan ito ng *compost* o ipot ng manok na may timbang na 500 gramo kada tudling.
3. Gumawa ng mga tudling na may luwang na isang metro at may distansya na kalahating metro sa bawat tudling. Gumawa ng mga butas na pagtataniman na may distansya na 0.5 metro bawat isa.

• Pagtatanim

Dalawang Uri ng Pagtatanim ng Pipino:

1. Direktang pagtatanim

- Magtanim ng isang buto na may sibol sa bawat butas na may pagitan na kalahating metro bawat isa.
- Tabunan ang mga buto ng manipis na lupa.
- Sa panahon ng tag ulan itanim sa ibabaw ng mga tudling upang maiwasan ang pagkabulok ng mga buto kung sakaling bumaha.

2. Paglilipat tanim o pagpupunla

- Maghanda ng punlaan na may pinaghalong 2 bahagi ng *compost*, 1 bahagi ng lupa, at 1 bahagi ng inuling na ipa.
- Iilagay ito sa mga ginawang punlaan, tulad ng *seedling tray* o binilot na dahon ng saging at niyog.
- Diligan ang punlaan bago maglagay ng mga buto.
- Iilagay ang mga punlaan sa ilalim ng pansamantalang lilim at siguraduhing regular ang pagdidilig.
- Patibayin ang mga punla sa pamamagitan ng paminsan-minsan na pagbibilad sa araw at pagbabawas ng pagdidilig.
- Maglipat ng isang punla kada butas, na may pagitan na kalahating metro bawat 15 araw pagkasibol o kaya naman kapag may dalawang tunay na dahon.
- Maglipat ng punla sa dakong hapon o kaya ay sa panahon ng maulap na araw.
- Maghulip ng mga namatay na punla pagkalipas ng isang linggo.

• Paglalagay ng Abono

Ang uri at tamang dami ng abono na ilalagay ay nakabase sa resulta ng pag-aanalisa ng lupa. Kung wala ng pag-aanalisa ng lupa, maaaring sundan ang mga sumusunod :

1. Para sa mga lugar na kababaan, maglagay ng *compost* sa panahon ng huling pagsusuyod bago magtanim.
2. Para sa matataas na lugar, maglagay ng 100 gramo ng organikong pataba na maykasamang 1 kutsara ng *complete fertilizer* kada butas bago magtanim.
3. Maglagay ng pangdalawang abono isang buwan pagkatanim o kapag ang halaman ay may isang metro ang haba.
4. Dalawang linggo pagkatapos ng paglalagay ng pangdalawang abono, maglagay ng 10 gramo ng *potash* (0-0-60) bawat halaman.
5. Magdagdag ng *urea* o *potash* kada 15 araw, at depende rin sa kalagayan ng halaman.



6. Sa organikong pamamaraan, maglagay ng 1 kilo ng *compost* sa kada puno makalipas ang dalawang linggo pagkatanim at isprayan ng mga *concoction* na FFJ at FPJ. Maari ring gumamit ng *tea manure* at *vermi tea* at isprayan ito dalawang beses sa isang linggo.

• Pagbabalag

Ihanda ang balag na kakayapan ng pipino mula pagkasibol pa lamang upang makasiguro ng magandang hitsura ng bunga. Ang balag ay mainam sa panahon ng tag-ulan upang maiwasan ang pagkabulok at hindi magandang hugis ng bunga. Magposte gamit ang ipil- ipil at kawayan na may taas na 2 metro at ang distansya nito ay 2 hanggang 3 metro bawat isa. Magtali ng kawad sa itaas na bahagi, gitnang bahagi, at pinakaibabang bahagi ng poste upang magsilbing talian ng *blue twine* o *nylon* na kakayapan ng pipino. Sanayin ang halaman na kumayap sa balag kada dalawang araw.



• Pagpapatubig

Patubigan sa pamamagitan ng pagpapadaloy ng tubig sa pagitan ng mga tudling isang beses sa isang linggo. Ang pipino ay nangangailangan ng maraming tubig sa buong panahon ng kanyang paglaki. Ngunit hindi ito dapat mababad sa tubig dahil hindi nito kayang tagalan at maaaring mabulok ang ugat.

• Pangangasiwa ng Damo

1. Gahukan ang puno ng pipino isang ruler mula sa puno, paikot, makalipas ang 20 araw pagkasibol.
2. Ang paggamit ng kilib ay nakakatulong upang masugpo ang damo at mapanatili ang halumigmig ng lupa makalipas ang 20 araw pagkasibol.

Mga Uri ng Kilib

- *Organikong Kilib:* Halimbawa nito ay dayami, tuyong kugon at iba pang bahagi ng halaman.
- *Inorganiko na Kilib:* Ito ang nabibili nating plastic mulch.
- *Buhay na Kilib:* Halimbawa nito ay pechay, kangkong, at iba pang madahong gulay.

